THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#537 MARCH 16-31, 2025 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Dating Pangulong Duterte inaresto



Haharapin ni dating Pangulong Rodrigo Duterte sa Pre-Trial Chamber I ng International Criminal Court (ICC) sa Netherland para sa kasong "crimes against humanity" kaugnay sa kaniyang War on Drugs.

Ginanap ang "initial appearance" ni Duterte upang maipaalam sa kaniya ang mga umano'y alegasyon laban sa kaniya. Haharap si Duterte sa mga judge na sina Judge Iulia Antoanella Motoc (presiding), Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at Judge María del Socorro Flores Liera. ***RCI***



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo

**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license



For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

**For Your Free Consultation**

**Call (416) 498-9200 ext. 236**

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Ex-Pres. Duterte, haharapin ang kaso ng ICC laban sa kanya

Nakatakdang humarap sa "initial appearance" si dating Pangulong Rodrigo Duterte sa Pre-Trial Chamber I ng International Criminal Court (ICC) para sa kasong "crimes against humanity" kaugnay sa kaniyang War on Drugs.

Sa ulat ng ABS-CBN at GMA News, magaganap ang "initial appearance" ni Duterte mamayang alas-2 ng tanghali CET (alas-9 ng gabi sa Pilipinas).

Ito ay upang makumpirma ng ICC ang identidad ng dating pangulo at upang maipaalam sa kaniya ang mga umano'y alegasyon laban sa kaniya.

Haharap si Duterte sa mga judge na sina Judge Iulia Antoanella Motoc (presiding), Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at Judge María del Socorro Flores Liera. ***https://balita.mb.com.ph***



# NBI, nagkomento sa umano'y 'pag-aresto kay FL Liza' sa LA

**Ikinagulat umano ni National Bureau of Investigation (NBI) Director Jaime Santiago ang kumalat na fake news hinggil sa pagkakaaresto daw kay First Lady Liza Marcos sa Los Angeles, California, USA.**

***"Nakakagulat ang ganiyang mga fake news ano? Instead na manatili tayong tahimik, ay gumagawa sila ng another story. Parang hindi natin mainitindihan kung anong gusto nilang mangyari. Pero mayroon naman pong magpapatunay na noon pang eleven ay nandito na si ma'am eh,"* ani Santiago.**

**Matatandaang kumalat sa social media mula sa mga umano'y Facebook page na nagsasabing inaresto umano ang First Lady sa Los Angeles kung kaya't pinilit lamang umanong ipaaresto si dating Pangulong Rodrigo Duterte sa International Criminal Court (ICC) upang mapagtakpan ito. *- balita.mb.com.ph***




APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Pacquiao sinisi sexual immorality sa teen pregnancy: Matakot sa Diyos



*Mag-asawang Manny at Jinkee Pacquiao.*

***Ang tinatawag na "sexual immorality" daw ang naging dahilan umano ng lumalalang teenage pregnancy sa Pilipinas, ayon sa Pambansang Kamao na si Manny Pacquiao.***

Kaya naman nanawagan si Pacman sa lahat ng mga magulang na gabayan at turuan ang kanilang mga anak na magkaroon ng takot sa Diyos at maging responsable sa lahat ng bagay.

Sa pamamagitan daw nito, ayon sa senatorial candidate na si Pacquiao, malaki ang posibilidad na mabawasan kung hindi man tuluyang makontrol ang dumaraming kabataan na nabubuntis.

Sabi ni Pacquiao sa presscon ng kanilang partidong Alyansa para sa Bagong Pilipinas nitong nagdaang Biyernes, February 21, malaki ang ginagampanang papel ng nanay at tatay sa lumolobong bilang ng teenage pregnancy.

"Turuan sila na may Panginoon dahil labag talaga sa Panginoon 'yang sexual immorality habang hindi pa kayo nag-aasawa," ang pahayag ng asawa ni Jinkee Pacquiao.

"Kaya nagkandahirap-hirap tayo dahil ayaw ng Panginoon na mag-commit tayo ng sin against God," dagdag pa ng boksingero at public servant.

Aniya pa, responsibilidad naman daw talaga ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak ng magandang asal kabilang na ang pagrespeto sa sarili.

"Yung sexual immorality talagang laganap sa buong mundo, and I'm sure na tayong mga magulang responsibilidad natin na turuan ang ating mga anak na huwag pumasok sa ganyan. Turuan ng magandang asal.

"Especially ma-in love naman talaga sila pagdating ng panahon, but ituro sa kanila na may Panginoon. Upang magkaroon sila ng takot sa Panginoon, 'yan ang pinakaimportante," ang punto pa ni Pacman.

Isa si Pacquiao sa mga senatorial candidate para sa 2025 midterm elections na ineendorso ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr..

- ***BANDERA***



# Bato magpapasaklolo sa Senado


*Sen. Ronald "Bato" Dela Rosa*

**Pilipinas -** Matapos sabihin ni Bato na handang magpaaresto upang makasama sa The Hague at maalagaan si dating Pangulong Rodrigo Duterte,sinabi muli ni Sen. Ronald "Bato" Dela Rosa na magpapasaklolo siya sa Senado sakaling maglabas ng warrant of arrest laban sa kanya ang International Criminal Court (ICC).

Ayon kayBato, hihingi siya ng tulong ng Senado kung gagawin din ng gobyerno ang ginawa sa dating Pangulo na isinuko sa ICC. Si Dela Rosa ay kapwa akusado ni Duterte sa kasong crime against huma - nity dahil sa madugong war on drugs noong nakaraang administrasyon.

Sinabi rin ni Dela Rosa na may "commitment" sa kanya si Senate President Francis "Chiz" Escudero na binigyan siya ng proteksiyon hangga't ito ay pinapayagan ng batas.

Pero kung hindi na aniya kayang bigyan ng proteksiyon ng Senado ay mapayapa na lamang niyang isusuko ang kanyang sarili.

Nadismaya si Bato sa aniya'y kawalan ng paninindigan ng administrasyong Marcos sa kaso ng dating Pangulo na para sa kanya ay isinubo pa sa ICC. "Ako mismo I can attest to that dahil sinabihan niya ako sa Malacañang na 'huwag kang mag-alala Bato hindi ko papasukin ang ICC dito. Kahit nga buhok mo hindi mahahawakan ng ICC pati si Pangulong Duterte hindi mahahawakan ng ICC…Kung papayagan ko diyan after sa inyo who's next kami ang iimbestigahan ng ICC'," sabi ni Bato sa sinabi umano sa kanya ni Marcos.

Pero iba aniya ang nangyari dahil nanghiram pa ng private jet para maihatid si Duterte sa The Hague.

Sa ngayon aniya ay gagawin niya ang lahat ng remedyo dahil posibleng siya na ang susunod na target ng ICC.

*Pilipino Star Ngayon*



# Canada nagbigay ng $6B na suporta para sa mga negosyo habang nagpapatuloy ang gulo sa taripa


Steven MacKinnon

**CANADA** - Ilulunsad ng pederal na gobyerno ang mahigit $6 bilyon na aid package para sa mga negosyong maaapektuhan ng mga taripa ni U.S. President Donald Trump at pinaluwag ang ilang employment insurance (EI) rules para tulungan ang mga manggagawa.

Bilang parte ng mga suporta para sa mga negosyo, ang gobyerno ay magbibigay ng $5 bilyon sa susunod na dalawang taon para sa mga exporter upang tulungan sila na makahanap ng mga bagong merkado maliban sa U.S. at isang $500 milyon na loan program sa pamamagitan ng Business Development Bank of Canada para sa mga negosyong direktang maaapektuhan ng mga taripa.

Palalakasin ng Canada ang financing program para sa agricultural sector — na kilala bilang Farm Credit Canada — sa pamamagitan ng $1 bilyon.

Ang gobyerno ay pansamantalang paluluwagin ang rules sa isang programa na pinahihintulutan ang mga empleyado na makatanggap ng partial EI benefits para sa mga nabawasan ang oras ng pagtatrabaho. Sinabi ng gobyerno na ang pansamantalang mga hakbang ay tataasan ang access sa programa at pahahabain ang oras na ang mga benepisyo na iyon ay tipikal na available.

Sina Steven MacKinnon, Mary Ng at Rechie Valdez — ang mga ministro ng labour, international trade at small business — inanunsyo ang mga detalye sa isang news conference sa Ottawa.

Sinabi ni Trump na ititigil niya ang mga taripa sa ilang Canadian goods hanggang Abril 2. Bilang tugon, sinabi ni Finance Minister Dominic LeBlanc na ide-delay ng Canada ang kanilang pangalawang round ng retaliatory tariffs, na nagkakahalaga ng $125 bilyon, hanggang Abril 2.

Ang malawakang U.S. tariffs ay may mapaminsalang epekto sa ekonomiya ng Canada, na sinasabi ng mga eksperto ay mauuwi sa pagkawala ng daan-daang libo na trabaho at sisirain ang mga pangunahing sektor gaya ng auto industry ng Ontario.

Ang American tariffs sa lahat ng steel at aluminum ay nakatakda pa ring ipatupad sa mga susunod na linggo. Ang Canada ang nangungunang exporter ng parehong metal sa Estados Unidos.- ***RCI***



# Ontario magpapatong ng 25% surcharge sa kuryente na patungong U.S. ani Ford



***Ontario Premier Doug Ford***



***Prime Minister Justin Trudeau***

**Maniningil ng dagdag 25 porsyento ang Ontario para sa kuryente** na ipinapadala sa 1.5 milyong Amerikano bilang tugon sa mga taripa ni U.S. President Donald Trump, sinabi ni Ontario Premier Doug Ford kamakailan. Nagbibigay ng kuryente ang Ontario sa Minnesota, New York at Michigan. Nitong unang bahagi ng linggo, nagbabala si Ford sa mga gobernador ng mga state na iyon tungkol sa mga paparating na pagbabago.

We're putting a tariff, a 25 per cent tariff, on the electricity to the 1.5 million homes and businesses in those three states, ani Ford sa CNN.

And honestly, it really bothers me. We have to do this, but I don't want to do this.

Nagpatong si Trump ng 25 porsyentong taripa sa lahat ng Canadian goods at ng 10 porsyento na buwis sa enerhiya, ngunit hindi isinama ang auto sector.

Tumugon ang Canada sa pamamagitan ng 25 porsyentong retaliatory tariffs sa $30 bilyon na halaga ng mga Amerikanong produkto at sinabi na ang taripa sa isa pang $125 bilyon na goods ay susunod pagkatapos ng tatlong linggo.

Sinabi ni U.S. Commerce Secretary Howard Lutnick na marahil ipo-pause ni Trump ang karamihan sa sweeping tariffs sa Canada at Mexico hanggang Abril 2. Kinumpirma ni Trump sa isang social media post na ang Mexico ay makakakuha ng isang buwan na pause sa mga taripa para sa ilang imports ngunit walang binanggit tungkol sa mga taripa sa Canada.

***Sinabi nina Ford at Prime Minister Justin Trudeau na hindi sila aatras hangga't hindi natatanggal ang lahat ng taripa.***

Sinabi ni Ford na nais pa rin niyang makipagtulungan sa U.S. para lumikha ng dalawa sa pinakamaunlad na bansa sa mundo sa pamamagitan ng pagse-share ng mas maraming enerhiya at critical minerals.

Nagbanta rin ang premier na ganap na patayin ang kuryente sa tatlong U.S. states pagsapit ng unang bahagi ng Abril kung mananatili ang mga taripa.

Iniisip din niya ang tungkol sa pag-iimbak ng nickel, isang mineral na malawakang ginagamit ng American military at aerospace industry.

Ibinasura na ng Ontario ang $100 milyon na kasunduan sa SpaceX ni Elon Musk para dalhin ang high-speed internet ng Starlink sa rural at northern communities at remote First Nations. Pinagbawalan din ni Ford ang U.S. companies mula sa pagbi-bid sa $30 bilyon na halaga ng procurement contracts ng probinsya. ***RCI***

# Matapos ang 25 taon, nagbabalik si Joe Canada na may bagong makabayan na bidyo



*Si Jeff Douglas ng Nova Scotia kasama ang isang 'anonymous collective' in-update ang 'I am Canadian' rant*

**Jeff Douglas**, habang pini-perform ang kanyang ***'I am Canadian***' routine mula sa isang TV beer commercial noong 2000.

25 taon na ang nakalipas nang sumikat siya para sa kanyang iconic Canadian beer ad.

Ngayon, si Jeff Douglas na mula sa Truro, N.S., ay nagbabalik sa isang bagong makabayan na rallying cry.

***Si Douglas ay naging isang national sensation pagkatapos bumida bilang si Joe Canada sa ad ng Molson Canadian noong taong 2000 na tinawag na The Rant, na ginawang popular ang slogan na, I am Canadian!***

Ngunit sa pagkakataong ito, hindi ito tungkol sa pagbebenta ng drinks.

Kamakailan ay isang bagong bidyo ang lumabas sa YouTube tampok ang pagbabalik ni Douglas sa entablado na nakasuot ng flannel, ngayon naman ipinagtatanggol niya ang Canada mula sa mga pagatake ni U.S. President Donald Trump, bago binanggit ang mga bagay na kanyang ipinagmamalaki tungkol sa Canada.

Si Douglas, na ngayon ay nagtatrabaho sa CBC Radio at ang host ng Mainstreet Nova Scotia, sinabi na ang bidyo ay prinodyus ng isang anonymous collective ng Canadian creatives at advertising professionals, lahat sila dinonate ang kanilang oras at resources para gawin ang bidyo. ***RCI***

# DATOL ORDER



***Ulat ni Mon Datol***

## Duterte arestado ng ICC dahil sa 'crimes vs humanity'

Inaresto ng International Criminal Police Organization (Interpol) Manila sa bisa ng warrant of arrest galing sa International Criminal Court (ICC) si dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte nuong Martes pagdating sa NAIA galing sa Hong Kong. Posibleng masabi ni dating Senador Leila de Lima na 6 na taong ipinakulong ni DU30 dahil sa umanong iligal drug case...

***Hindi lahat ng araw ay Lunes, ang kay Digong ay Martes.***

***********

Bakit napa-aresto pa rin ng ICC si DU30 gayung kumalas na nga ang Pinas bilang miyembro ng nasabing international na samahan ng mga bansa nuon pang 2019? Simple. Miyembro pa rin kasi ang Pinas sa International Criminal Police Organization o' Interpol at dito idinaan ng ICC warrant of arrest kontra DU30, kayat...

May mga suot daw ng body cam ang lahat ng mga otororidad na Pinoy na nagpatupad ng warrant kasama ang prosecutor general mula ICC na siyang nagbigay ng warrant of arrest ke DU30 ani PCO.

***Para dokumentado todo-todo pag-aresto ke Duterte.***

***********

At bakit daw hindi man lang naki-alam si PBBM gayung nuon pa man ay sinabi na ng Pangulong Marcos na hindi niya pahihintulutang pumasok sa Pinas ang ICC at arestuhin si DU30?

***Interpol po ang humuli ke Duterte hindi ang ICC, korekek?***

***********

Ang latest news ke DU30 habang tinitipa ko itong artikulo ko ay kinakausap RAW ng otoridad ang dating Pangulo para isakay sa isang chartered plane kasama ang 3 representante niya para ilipad sa isang hindi alam na destinasyon na kahit si CIDG Chief dela Torre ay hindi talos ang lugar dahil hindi sakop ng kaniyang ranggo ang atas na yon.

***'Unknown destination' ke Digong? Hala ka, Bato, kilos!***

**********

Palagay ko ay sa isang malapit na bansang member ng ICC gustong ilipad at iditine si DU30 at duon umpisahan ang proseso ng pandinig ng kasong 'crimes vs. humanity' na kung saan higit sa 30K umano ang pinatay sa drug war ni Duterte simula pa nuong alkalde pa ng Davao City si Digong.

***Aabangan natin kung maililipad ba paalis Pinas si DU30.***

**********

Walang nagawa ang mga DU30 loyal supporters tulad nina Senators Bong Go, Bato dela Rosa, Robin Padilla at higit sa lahat, ang anak na si VP Sara ng arestuhin sa NAIA ang amo nilang kung magmura at magbintang ke PBBM as sobrang wagas.

***Ang anak na si VP Sara na in-inpeach na rin ng Kongreso.***

**********

Apat pang malalaki at makapangyarihang tao na may existing arrest warrants mula sa ICC ay mga naka-upong lider pa o' dating pinuno ng kanilang bansa nuong inilabas ang kani-kanilang warrant, tulad nina Israeli Prime Minister Benjamin Netanyahu at Russian President Vladimir Putin. Subalit laya pa sina Netanyahu at Putin pero...

***Na-sakote na si DU30, ang 79-taong dating Pinoy Lider.***

**********

Well, Ekis sa Malakanyang na ipagpatayo ng bantayog si dating Pangulong Rodrigo Duterte na nagbiro na naman umano na pedeng mag-kontribusyon ang OFWs ng 5Dollars para maipatayo siya ng rebulto sa tabi ni Dr. Jose Rizal. Pero ayon kay Palace Press Officer Undersecretary Atty. Claire Castro ay...

***Taongbayan magsasabi kung sino dapat maging bayani.***

**********

Base sa mga nagawa para sa bansa at mga mamamayan ang mga basehan para gawin bayani ang isang Pinoy at ipagpatayo ito ng rebulto at di yong pananaw ni DU30 na...

***Isang sakong bato at isang sakong semento ikuwals monumento.***

**********

Sinabi ni DU30 sa talumpati niya sa HK, bago siya umuwi nga at maaresto sa NAIA, na dinaluhan ng maraming OFWs karamihan ay mga miyembro ng KOJC ni Pastor Quiboloy, na wala siyang kasalanan sa ibinibintang sa kanya ng International Criminal Court (ICC), eh, siya mismo ang umamin sa pagdinig ng House quadcom at Senado sa mga napatay sa drug war noong panahon niya. Siya nag-utos sa pagpatay sa Oplan Tokhang, pero, para sa kanya...

***Walang kasalanan ang mastermind??? Nakngdragon!***

**********

Inamin din ni DU30 na inatasan niya ang mga police officer na hikayatin ang mga suspek na lumaban para magamit itong self defense ng mga pulis, at di ba nag-alok pa ng malaking pabuya sa mga makakapatay ng tulak, users at drug lords? Well, mayroon namang due process kaya hayaan na lamang ang korte ang humusga sa mga nagyaring krimen noong DU30 Administration. At saka...

***Nadale na nuong***

***Martes sa NAIA ng ICC si DU30.***

**********

Bago matapos ang Marso umano ay maglalabas ng desisyon ang Comelec sa disqualification cases kontra mga Tulfo na inakusahan ng political dynasty and for having been convicted of a crime of moral turpitude, sa kaso ni ACT CIS Party-list Rep Erwin Tulfo, na...

***Convicted ng 4 counts of Libel na pinanigan ng SC September 2008.***

**********

Inatasan na ni PBBM ng masusing imbestigasyon sa 'tanim-bala' modus sa NAIA matapos sibakin ng DOTr ang 3 empleyado ng OTS na nasangkot sa insidenteng umano'y balik-'tanim-bala' scam na nambiktima ng isang 69-year-old senior citizen mag-iinang patungong Vietnam nuong Marso 6.

***Nakngdragon! Nagtanim na naman ng bala sa NAIA mga hudas, barabas, kepyas!***

**********

P1 trilyong natatalo kada taon umano sa mga Pinoy na naadik na sa Philippine Inland Gaming Operators o 'PIGO' ani SP Chiz Escudero, na nakatanggap ng ulat mula sa mga insiders ng industriya na ang kabuuang taya ay maaring umabot sa pagitan ng Ph600Bilyon at Ph1Trilyon sa isang taon.

***Nakngdragon Tol Reyfort! Tungaw lang pala ang POGO sa PIGO, ah!***

**********

**Ang nagsusugal sa POGO** ay mga dayuhan, pero pinalayas pa rin sa Pinas lahat ng involved dito, samantalang mga Pinoy ang tumataya gamit kanilang cell phones thru apps ng mga PIGOS. Pambili ng pagkain ng pamilya itataya sa PIGO. Gutom pamilya ng sugarol.

***Mas malala pa ito sa POGOs ah! Imbestigahan agad-agad!***

**********

## SHORT ORDER:

Happy birthday to my friend MP Yaara Saks (March 9)... Happiest birthday my colleague Andy Sevilla (March 8)... Happy birthday to my SAA HS classmate Gloria Galang del Rosario of Jaen, NE (March 12)...Birthday greetings to our friend Mabel Adajar Cerezo of Toronto (March 12)...Birthday greetings to Dong Sabanal of Toronto (March 13)...Happy birthday to Honeyanne Ancheta Dabu (March 13)... Family friend Anne Cruz of Toronto celebrates March 14... Happy birthday to friend realtor from Toronto Ariel Santos (March 13)...Angel Ghem Trish Canada of Toronto celebrates March 14... Happy birthday to our pretty Kumare Armi Bersamin (March 16). God Bless.



# Romualdez, ikinatuwa pagbaba ng inflation: 'Our economy is getting stronger!'

*- balita.mb.com.ph*






Tinawag na "**great news**" ni House Speaker Martin Romualdez ang pagbaba umano ng inflation ng Pilipinas noong Pebrero.

Sa inilabas na opisyal na pahayag ng House Speaker nitong Miyerkules, Marso 5, 2025, binati rin niya ang economic team ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr.

"This is great news for every Filipino family. The continued drop in inflation—from 2.9% in January to 2.1% in February—proves that President R. Marcos Jr.'s economic team is getting the job done," ani Romualdez.

Binigyang-diin din ng House Speaker ang patuloy umanong pagtutok ng administrasyon ni PBBM sa usaping ekonomiya ng bansa.

"The Marcos administration has remained laser-focused on stabilizing prices, ensuring food security, and protecting the purchasing power of our people," ani Romualdez.

Dagdag pa niya, "We in the House of Representatives fully support these efforts by passing laws that make life easier for ordinary Filipinos—whether it's lowering food costs, ensuring stable energy prices, or creating more jobs.

Giit pa ni Romualdez, ang pagbaba umano ng inflation ng bansa ay resulta raw ng maayos na pamumuno at matibay na mga polisiya.

"We know how tough the past few years have been, but the numbers don't lie—inflation is going down, and our economy is getting stronger. This is the result of sound leadership, strong policies, and the resilience of the Filipino people," saad ni Romualdez.

Siniguro rin ng House Speaker ang patuloy aniyang pagsusulong nila ng reporma para sa mga Pilipino.

"Patuloy nating itutulak ang mga repormang magpapagaan sa buhay ng bawat Pilipino. Sa ilalim ng Bagong Pilipinas, walang maiiwan!" giit ni Romualdez.

## Philippine economy is getting stronger



- balita.mb.com.ph




# May Magagawa Ba ang Tao Para Maging Payapa ang Buong Mundo?

Kabi-kabila ang mga digmaan at labanan sa buong mundo. Dahil diyan, gumagawa ng paraan ang United Nations at iba pang organisasyon para maitaguyod ang kapayapaan. Halimbawa, nagpapadala sila ng mga kinatawan sa mga lugar na may mga labanan para mabawasan ang kaguluhan doon. Sinabi ni UN Secretary-General António Guterres: "Ang mga ipinapadalang kinatawan ng United Nations ang pinakaimportanteng bahagi ng pagsisikap namin na maitaguyod ang kapayapaan sa buong mundo."

Sa loob ng maraming taon, may magagandang nagawa ang pagsisikap ng mga tao na maitaguyod ang kapayapaan. Halimbawa, naprotektahan nila ang mga sibilyan, naibalik sa sariling bansa ang mga lumikas dahil sa digmaan, nakapagbigay sila ng mga pagkain at suplay, at naitayo nilang muli ang mga nasirang gusali. Pero dahil sa malalaking hadlang, may limitasyon ang kaya nilang gawin. Mayroon nga kayang permanenteng solusyon para maging totoong payapa ang buong mundo? Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito?





# Mga hadlang sa kapayapaan at solusyon ng Bibliya

**Hadlang: walang koo - perasyon**. Mahirap para sa maraming organisasyong militar at sibilyan, na kadalasan nang mula sa iba't ibang bansa, na magtulungan kasi hindi sila nagkakaintindihan kung minsan at magkakaiba sila ng priyoridad.

**Solusyon ng Bibliya**: "Ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kaharian . . . at wawakasan ang lahat ng kahariang iyon [gobyerno ng tao], at ito lang ang mananatili magpakailanman."—Daniel 2:44.

Malapit nang wakasan ng Diyos ang lahat ng digmaan at gawing payapa ang buong mundo. (Awit 46:8, 9) Ang lahat ng gobyerno sa lupa ay papalitan niya ng iisang gobyerno na nasa langit: ang Kaharian ng Diyos. Dahil perpekto ang gobyernong ito at mamamahala ito sa buong lupa kung kailan wala nang digmaan, hindi na kailangan ng anumang organisasyon ng tao na gumawa ng pagsisikap para maitaguyod ang kapayapaan.

**Hadlang: limitadong suporta at kakayahan.** Kung minsan, nabibigo ang pagsisikap ng mga tao na maitaguyod ang kapayapaan dahil iilan lang ang sumusuporta dito at wala silang sapat na pera at iba pang kagamitan. Nahihirapan ding kumilos ang mga nagtataguyod ng kapayapaan dahil lalo pang nagiging delikado at komplikado ang sitwasyon sa mga lugar na pinupuntahan nila.

**Solusyon ng Bibliya**: 'Pinaupo ng Diyos ang ating Panginoong Jesu-Kristo sa kaniyang kanan sa langit, na di-hamak na mas mataas kaysa sa anumang pamahalaan at awtoridad at kapangyarihan.'—Efeso 1:17, 20, 21.

Ibinigay ni Jehova, ang Diyos na Makapangyarihan-sa-Lahat, ang lahat ng kailangan ni Jesus para magtagumpay sa pamamahala niya bilang ang piniling Hari ng Kaharian ng Diyos. (Daniel 7:13, 14 b) Binigyan ng Diyos si Jesus ng kapangyarihan, kaalaman, karunungan, at kaunawaan na di-hamak na nakahihigit sa anumang gobyerno o ahensiya ng tao. (Isaias 11:2) Mayroon ding hukbo si Jesus ng makapangyarihang mga anghel. (Apocalipsis 19:14) Kaya walang sitwasyon na mahirap o komplikado para sa kaniya.

Gagamitin ni Jesus ang lahat ng suporta at kakayahang ibinigay ng Diyos sa kaniya, hindi lang para wakasan ang mga digmaan. Bibigyan niya rin ng kapayapaan at kapanatagan ang lahat ng tao sa ilalim ng Kaharian ng Diyos.—Isaias 32:17, 18.

**Hadlang: legal na mga restriksiyon.** Kung minsan, hindi magawa ng mga organisasyong nagtataguyod ng kapayapaan ang dapat nilang gawin dahil sa mga instruksiyong hindi malinaw o sa mga batas na nakakapigil sa mga gusto nilang gawin. Halimbawa, baka dahil sa ilang batas, limitado lang ang magagawa nila para protektahan ang iba at maisakatuparan ang magandang plano nila.

**Solusyon ng Bibliya**: "Ang lahat ng awtoridad ay ibinigay na [kay Jesus] sa langit at sa lupa."—Mateo 28:18.

Malinaw ang direksiyong ibinigay ng Diyos kay Jesus kung paano gagawing payapa ang buong



mundo, at ibinigay niya rin sa Anak niya ang lahat ng awtoridad para magawa ito. (Juan 5:22) Laging magiging patas si Jesus, at hindi siya kailanman magiging tiwali. (Isaias 11:3-5) Dahil itinatag ang Kaharian ni Jesus sa "katarungan at katuwiran," tinatawag siya ng Bibliya na "Prinsipe ng Kapayapaan."—Isaias 9:6, 7.

### Kaharian lang ng Diyos ang makakapagbigay ng tunay na kapayapaan

Totoo, nakakatulong kahit paano ang pagsisikap ng mga tao na mapanatili ang kapayapaan, at kung minsan, napapatigil pa nga nila ang kaguluhan sa ilang lugar. Pero hindi nila kayang alisin ang pinakadahilan ng karahasan—ang poot na nasa puso ng maraming tao.

"Paano mapapanatili ang kapayapaan kung wala namang kapayapaang papanatilihin?"—Dennis Jett, dating embahador ng U.S.

Kaharian lang ng Diyos ang makakapagbigay ng tunay na kapayapaan, dahil tinutulungan nito ang bawat tao na alisin ang poot sa puso nila. Halimbawa, noong nasa lupa si Jesus, tinuruan niya ang mga tagasunod niya sa salita at gawa kung paano makikipagpayapaan at magpapakita ng pag-ibig sa iba:

"Maligaya ang mga mapagpayapa."—Mateo 5:9.

"Dapat mong mahalin ang iyong kapuwa gaya ng iyong sarili."—Marcos 12:29-31.

"Ibalik mo ang espada mo sa lalagyan nito, dahil ang lahat ng gumagamit ng espada ay mamamatay sa espada."—Mateo 26:52.

"Nang insultuhin [si Jesus], hindi siya gumanti ng pang-iinsulto. Nang magdusa siya, hindi siya nagbanta."—1 Pedro 2:23.

Sinabi rin ni Jesus na ang mga sakop ng Kaharian ng Diyos ay makikilala sa pag-ibig nila sa kapuwa. Malinaw na sinasabi sa Bibliya na hindi kukunsintihin ng Kaharian ng Diyos ang mga napopoot sa kapuwa nila:

"Kung mahal ninyo ang isa't isa, malalaman ng lahat na kayo ay mga alagad ko."—Juan 13:34, 35.

"Ang bawat isa na napopoot sa kapatid niya ay mamamatay-tao."—1 Juan 3:15.

"Ang umiibig sa Diyos ay dapat na umiibig din sa kapatid niya."—1 Juan 4:20, 21.

Ang Diyos na Jehova lang, na lumikha sa lahat ng tao, ang nakakaalam ng pinakamagandang paraan—ang nag-iisang paraan—para maging payapa ang buong mundo. Magagawa ng Kaharian niya ang hindi nagawa ng mga tao, kahit pa ng mga nagsisikap na itaguyod ang kapayapaan.

a Jehova ang personal na pangalan ng Diyos. (Awit 83:18) Tingnan ang artikulong "Sino si Jehova?"

b Sa Daniel 7:13, 14, ang terminong "anak ng tao" ay tumutukoy kay Jesu-Kristo.—Mateo 25:31; 26:63, 64.

## Ngayon pa lang, tinutulungan na ng Kaharian ng Diyos ang mga tao na maging payapa at magkaisa

Sa hinaharap, kapag namamahala na ang Kaharian ng Diyos sa buong lupa, magkakaisa na at magiging payapa ang mga tao, dahil susunod silang lahat sa mga utos ng Diyos. (Isaias 2:4; 11:9) Pero nakatatag na ngayon sa langit ang Kaharian ng Diyos, kaya natuturuan na nito ang milyon-milyong tao na magkaisa at maging payapa.

- Sa video na Madadaig Ba ng Pag-ibig ang Poot? tingnan kung paano natulungan ng Bibliya ang dalawang lalaki na maalis ang pagtatangi sa puso nila sa kabila ng matagal nang alitan sa pagitan ng mga Judio at Arabe.
- Sa video na Dating Magkaaway na Naging Magkaibigan, tingnan kung paano naturuan ng Bibliya ang isang marahas na lider ng gang at isang matapang na pulis na maalis ang poot nila sa isa't isa at maging matalik na magkaibigan.

## After Armageddon, a Paradise

"**ARMAGEDDON**" is a frightening word to many. Often world leaders use it to refer to a possible World War III. However, the Bible speaks of Armageddon as the place of a righteous war fought by God. (Revelation 16:14, 16, King James Version) This war of God will prepare the way for a righteous new world.



Unlike the wars of men, which kill both the good and the bad, Armageddon will destroy only the bad. (Psalm 92:7) Jehovah God will be the Judge, and he will remove any who willfully refuse to obey his righteous laws. Today many persons see nothing wrong with such things as fornication, getting drunk, lying or cheating. But, according to God, these things are wrong. So at Armageddon he will not save those who continue to do them. (1 Corinthians 6:9, 10; Revelation 21:8) Knowing God's laws on these matters, it is important for persons who may be practicing such bad things to change their ways.

After Armageddon no part of this wicked world will remain. Only persons who serve God will continue to live. (1 John 2:17) Jesus Christ compared the situation to that of Noah's day. (Matthew 24:37-39; 2 Peter 3:5-7, 13; 2:5) After Armageddon, God's kingdom will be the only government ruling over the earth. Satan and his demons will be gone. (Revelation 20:1-3) Consider, on the following pages, some of the blessings that the Bible indicates obedient people will enjoy.

### ALL HUMANKIND AT PEACE

"There has been a child born to us, there has been a son given to us; and the princely rule will come to be upon his shoulder. And his name will be called . . . Prince of Peace. To the abundance of the princely rule and to peace there will be no end."—Isaiah 9:6, 7.

"In his days the righteous one will sprout, and the abundance of peace until the moon is no more. And he will have subjects from sea to sea and from the River to the ends of the earth."—Psalm 72:7, 8.

### NO MORE WAR

"Come, you people, behold the activities of Jehovah, how he has set astonishing events on the earth. He is making wars to cease to the extremity of the earth."—Psalm 46:8, 9.

### FINE HOMES AND ENJOYABLE WORK FOR EVERYONE

"They will certainly build houses and have occupancy . . . They will not build and someone else have occupancy; they will not plant and someone else do the eating . . . the work of their own hands my chosen ones will use to the full. They will not toil for nothing, nor will they bring to birth for disturbance; because they are the offspring made up of the chosen ones of Jehovah, and their descendants with them."—Isaiah 65:21-23.

### CRIME, VIOLENCE AND WICKEDNESS GONE

"For evildoers themselves will be cut off . . . And just a little while longer, and the wicked one will be no more; and you will certainly give attention to his place, and he will not be."—Psalm 37:9, 10.

"As regards the wicked, they will be cut off from the very earth; and as for the treacherous, they will be torn away from it."—Proverbs 2:22.

### ALL THE EARTH A PARADISE

Jesus said: "You will be with me in Paradise."—Luke 23:43.

**"The righteous themselves will possess the earth, and they will reside forever upon it."**—Psalm 37:29.


# Alalahanin ang Kamatayan ni Jesus Sabado, Abril 12, 2025



Malugod ka naming inaanyayahan sa mahalagang okasyong ito sa isang pahayag na base sa Bibliya na tatalakay sa kahalagahan ng kamatayan ni Jesus at kung paano tayo makikinabang sa ginawa ng Diyos at ni Kristo para sa atin.

Nagsisimula at nagtatapos ang pulong sa isang awit na susundan ng panalangin ng isang ministro ng mga Saksi ni Jehova. Kontakin ang mga Saksi ni Jehova sa inyong lugar para sa mga detalye.

Serving Our Community Since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




*Filipino Canadians (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated 957,355, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for Filipino immigrants.*

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo




**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***